



PATNUBAY SA MISA



13 Disyembre 2015

Ikatlong Linggo ng Adbiyento

Taong K

LINGGO NG "ANTI-HUMAN TRAFFICKING"

ADBIYENTO: PANAHON PARA MAGALAK SA PANGINOON

Pnaanyayahan tayo ng liturhiyang magalak. Bagamat marami tayong dahilan para malungkot dahil sa napakaraming pagdurusa, karahasan, at pagkamuhí sa buong mundo, ayon kina Propeta Sofonias at Apostol Pablo, nakararami pa rin ang dapat nating ikagalak. Sa lahat ng ganitong pagsubok, di tayo nagsasarili: **MALAPIT ANG PANGINOON!** Malapit siya di bilang isang kaibigang walang magawa, kundi bilang isang makapangyarihang tagapagligtas at isang masuyong kapatid na handang makihatí sa mga pasanin nating kalungkutan upang gawin tayong kabahagi sa kanyang manang kaligayahang walang hanggan.

Bilang tugon sa ganitong nakalulugod na mensahe, inaasahan tayong tumupad sa ating dapat gampanan. Sa ating pagtalima sa paanyaya ni Juan Bautista, tayo’y dapat na maging bukas-palad sa mga kapatid nating nangangailangan, tapat sa pakikitungo sa ating kapwa, at maging kasangkapan ng masuyong kalinga ng Diyos para sa lahat. Ito nawa ang maging kapangakuan nating pagtibayin sa Eukaristiyang pagdiriwang na pasisimulan natin ngayon.

Ngayong ikalawang Linggo ng Disyembre, ipinagdiriwang natin ang Linggo ng “Anti-Human Trafficking.” Sa ating mundo, may mga pang-aalipin pa ring nangyayari sa ating modernong panahon. Ang mga kababaihan, kalalakihan, at kabataan ay sapilitang ginagamit sa mga gawaing yumuyurak sa karangalan ng tao tulad ng “forced labor” at “sexual exploitation.” Ngayong araw, iniaalay natin ang lahat ng Misa sa Pilipinas para sa mga biktima ng “human trafficking” sa buong mundo. Ating ipagdasal at sikaping sugpuin ang krimen ng “human trafficking.”



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magalak nang palagian sa Poon nating marangal. Darating ang hinihintay, ating pinananabikan, Panginoon nating mahal.

Pagbati

P–Pagpalain ang Panginoon, ang sanhi ng ating kagalakan. Ang kanyang pagpapala at kapayapaan ay sumainyong lahat!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Sa paghahanda nating ipagdiriwang ang mga banal na misteryo ngayong ikatlong Linggo ng Adbiyento, alalahanin natin ang ating mga kasalanan. (Manahimik saglit.)

P–Panginoong Hesus, naparito ka upang maghatid ng masayang balita sa mga naghihirap. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, naparito ka upang pagalingin ang mga

sawimpalad. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, naparito ka upang ipahayag ang kalaayan sa mga alipin ng pagkakasala. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Panalanging Pambungad

P – Ama naging makapangyarihan, tunghayan mo ang pananabik ng iyong sambayanan sa Pasko ng Pagsilang ng Panginoon naming mahal. Pasapitin mo kami sa kagalakang dulot ng kanyang pagtubos at pasiglahin mo kami sa pagpapasalamat sa iyong kaloob sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Sof 3:14-18

Ang katiyakan ng mapagligtas na pamamagitan ng Panginoon ay gayon kadakila kung kaya malimit itong ilahad ng mga propeta sa anyong pangnagdaan. Ang matulaing sipi ngayon buhat kay Sofonias ay isang matibay na halimbawa ng matatag na pananalig habang ipinatutungkol niya sa Jerusalem at sa atin ang kanyang mensahe ng pag-asa.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Sofonias

Umawit ka nang malakas, Lunsod ng Sion; sumigaw ka, Israel! Magalak ka nang lubusan, Lunsod ng Jerusalem!

Ang mga nagpaparusa sa iyo ay inalis na ng Panginoon, at itinaon niya ang inyong mga kaaway. Nasa kalagitnaan mo ang Hari ng Israel, ang Panginoon; wala nang kasawiang dapat pang katakutan.

Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem: “Huwag kang matakot, Sion; huwag manghina ang iyong loob. Nasa piling mo ang Panginoon iyong Diyos, parang bayaning nagtagumpay; maki-kigalak siya sa iyong katuwaan, babaguhin ka ng kanyang pag-ibig; at siya’y masayang aawit sa laki ng kagalakan, gaya ng nagdiriwang sa pista.”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Isa 12

B – *D’yos na kapiling ng bayan ay masayang papurihan!*

R. M. Velez



***** **Ang Diyos ang siyang nagligtas sa akin, tiwalang-tiwala ako at wala munti mang pangamba. Sapagkat ang Poon ang lahat sa akin, siya ang aking awit, ang aking kaligtasan. Malugod kayong sasalok ng tubig sa batis ng kaligtasan.** **B.**

***** “Magpasalamat kayo sa Poon, siya ang inyong tawagan; ipaalamin ninyo sa mga bansa ang kanyang ginawa, ipahayag ninyo ang kadakilaan ng kanyang pangalan.” **B.**

***** “Umawit kayo ng papuri sa Poon, sapagkat kahanga-hanga ang kanyang mga ginawa, ipahayag ninyo ito sa buong daigdig. Mga anak ng Sion, umawit kayo nang buong galak, sapagkat nasa piling ninyo ang dakila at ang Banal ng Israel.” **B.**

Ikalawang Pagbasa Fil 4:4-7

Ang palapit na pagdiriwang sa Pasko ay sukat makapuspos sa atin ng nag-uumapaw na kagalakan. Sa sipi ngayon, ang pangangaral ni San Pablo sa mga taga-Filipos ay angkop din para sa atin.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko: magalak kayo!

Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kagandahang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon. Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip ay hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasalamat. At ang dimalirip na kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya Isa 61:1

B – **Aleluya! Aleluya! Espiritu ng Maykapal nasa akin upang hatdan ang mga dukha ng aral. Aleluya! Aleluya!**

Mabuting Balita Lu 3:10-18
Sa sipi ng Ebanghelyo ngayon, maririnig natin si Juan Bau-

tista mismo sa kauna-unahang pagkakataon. Taglay ng kanyang pangangaral ang matibay na kahingian ng tapat na pagbabalik-loob, na ngayo’y patungkol din sa ating lahat.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon: Tinanong si Juan Bautista ng mga tao, “Kung gayon, ano po ang dapat naming gawin?”

“Kung mayroon kang dalawang baro, bigyan mo ng isa ang wala. Ganyan din ang gawin ng mga may pagkain,” tugon niya.

Dumating din ang mga publikano upang pabinyag at itinanong nila sa kanya, “Guro, ano po ang dapat naming gawin?” Sumagot siya, “Huwag kayong sumingil nang higit sa dapat singilin.” Tinanong din siya ng mga kawal, “At kami, ano naman ang dapat naming gawin?” “Huwag kayong manghilingi kaninuman sa pamamagitan ng pamimilit o ng pagpaparatang ng di totoo; masiyahan kayo sa inyong sahod,” sagot niya.

Naghahari sa mga tao ang pananabik sa pagdating ng Mesiyas at ang akala ng marami’y si Juan ang kanilang hinihintay. Kaya’t sinabi ni Juan sa kanila, “Binibinyagan ko kayo sa tubig, ngunit ang darating na kasunod ko ang magbibinyag sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya’y makapangyarihan kaysa akin, at ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang panyapak. Hawak niya ang kanyang kalaykay upang alisin ang dayami. Titipunin niya ang trigo sa kanyang kamalig, ngunit ang ipa’y susunugin sa apoy na di mamamatay kailanman.” Marami pang bagay ang ipinangaral ni Juan sa mga tao sa kanyang paghahayag ng Mabuting Balita.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu

Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Sa gabay ng mga pangaral ni Juan Bautista, napagtanto natin nang malinaw ang pangangailangan sa pagbabalik-loob at sa ating kahinaang magkaroon nito. Hilingin natin ang tulong ng Panginoon sa taimtim nating panalangin:

B—Panginoon, bigyan mo kami ng bagong kalooban!

* Para sa Simbahang Panlahat at mga pinuno nito: Nawa matagumpay nilang maitaguyod sa ating panahon ang misyon ni Juang tawagin ang mga tao para magbalik-loob. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga natutuksong maghanap ng kaligayahan nang malayo sa Panginoon: Nawa alalahanin nilang nasa pagtupad lamang ng kalooban ng Diyos ang kagalaka't kalayaang walang hanggan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga biktima ng *human trafficking*: Magkaroon nawa sila ng pag-asa at inspirasyon sa buhay ni Santa Josefina Bakhita na naging isang biktima tulad nila subalit nakakita ng kagalingan at bagong buhay kay Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga lider ng ating bansa at ng buong mundo: Magkaisa nawa sila upang maibilanggo ang mga "*human traffickers*" at mapuksa ang lahat ng uri ng karahasan at pag-aalipusta sa karangalan ng tao. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga nasa *Media* at

Advertising: Sa mundong lalong nahuhumaling sa kalaswaan at karahasan, nawa matanto nila ang kanilang impluwensiya sa pag-iisip ng mga tao at mauna sa pagrespeto at pagtatanggol sa karangalan ng mga kalalakihan, kababaihan, at kabataan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat: Tulad ng pakiusap ni Papa Francisco, huwag sana tayong umiwas kundi maging mapagkalinga at makibahagi sa paglaban sa *human trafficking* at lahat ng uri ng pagsasamantala at pang-aabuso. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Diyos ng liwanag, itulot Mong ang aming asal ay maging laging alinsunod sa Ebanghelyo ng buhay naming ipinahahayag at pagpapatotoo kay Hesus, na siyang bukal ng aming kagalakan, at siyang nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B—Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P—Manalangin kayo. . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, maihain nawang lubos ang matapat naming paglilingkod sa pagganap sa itinatag ng iyong Anak at sa pakikinabang sa iyong pagtubos sa aming lahat sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng

kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Lakasan ang inyong loob, kayo ay huwag matakot. Dumarating ang Poong D'yos upang tayo ay matubos at sa kanya'y makadulog.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, ang pinagsaluhan namin ngayon sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ay magpagindapat nawang kami'y maging handa para sa Pasko ng Pagsilang ng iyong Anak na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo

magpasawalang hanggan.

B – Amen!

(Dasalin ang **Panalangin upang Wakasan ang Human Trafficking.**)

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*) Nagagalak kayo sa nalalapit na pag-

gunita sa pagsilang ni Kristo. Sa kanyang maluwalhating pagbabalik, gantimpalaan niya nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

B – Amen!

P – Itulot nawa ng Diyos na kayo’y maging matatag sa pananam-palataya, masayang umaasa, at walang pagod sa pagmamahal sa buong buhay ninyo.

B – Amen!

P – Nawa ang pagdating ng Anak ng Diyos ay magdulot sa

inyo ng liwanag ng kanyang kabanalan at kapangyarihan ng kanyang biyaya.

B – Amen!

P – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan at maging bukal nawa kayo ng kagalakan para sa inyong kapwa.

B – Salamat sa Diyos!

MGA PUSONG BUKAS SA DIYOS AT SA KAPWA

Mahirap ang panahon ni Juan Bautista, lalo’t ito ay tinampukan ng pagkamakasarili, kasakiman, kapalaluan, kapusukan, pang-aapi sa mahihina . . . Mahahalaw ang mga ito sa kanyang mga sagot sa mga taong napukaw ng kanyang pangangaral at nagtanong kung ano ang kanilang dapat gawin. Marapat lamang ang mariing panawagan ni Juang sila’y magbalik-loob. Lahat ay nangangailangan ng tinatawag na “*metanoia*,” na isang pagbabagong isip at saloobin upang makatuloy sa Paghahari ng Diyos.

Ang sitwasyon ngayon ay di malayo sa panahon ni Juan Bautista. Nabubuhay tayo sa isang lipunang tinatampukan din ng katulad na kasiraang moral at mga bisyo. Mga tao’y patuloy pa ring sakim, makasarili, mapusok, . . . At nariyan ang tuksong makita ang ganitong kasiraa’t pagkukulang sa iba.

Sa maraming pagkakataon, totoong napaliligiran tayo ng sama. Ngunit totoo ring tayo ay di naman perpekto. Tayo man ay nangangailangang magdaan sa isang “*metanoia*,” ng isang pagbabagong radikal. Anupat di ito dapat na maging hanggang pansarili lamang na asal; kailangan din ang pagbabago sa ating mga saloobin at mga pagpapahalaga na siyang nasa ugat ng ating mga pag-uugali. Tiyak at walang dudang ang lipunan ay magsisimulang bumuti sa sandaling magsimula tayong magpakabuti.

Ang Adbiyento ay isang napakahalagang pagkakataon para magsimula tayong bumaling sa tamang direksiyon. Maitatanong din natin, gaya ng mga nagsilapit kay Juan – “Ano ang dapat nating gawin?” At maaaring ang mga kasagutan ay maging sindami ng mga personal na sitwasyong moral; gayunman, isang “common denominator” ang babagay sa lahat. Ang

ating pangunahing saloobin ay dapat na maging *pagkabukas-palad, kahandaan, at mabuting kalooban*. Nangangahulugan ito ng kahandaang magbahagi ng ating mga ari-arian sa mga lalong kaawa-awa (*sangguniin Lu 3:11*); maging makatarungan at tapat sa lahat (*sangguniin Lu 3:13-14*). Lahat ng ito ay “pagkabukas-palad sa mga tao.” Ito ay pag-ibig sa kapwa sa pinakasimpleng anyo, at walang sinumang makapagsasabing sapat na sapat siyang nakatugon dito.

Panalangin upang Wakasan ang Human Trafficking

O Diyos ng Pag-ibig at Awa, • idinudulog namin sa iyo ang mga kababaihan, • kalalakihan, at mga kabataang nawalan ng kanilang kalayaan, • narungisan ang kanilang karangalan • ang kanilang buhay at kinabukasan • ay binalot ng kadiliman.

Ibalik mo sa kanila • ang kanilang karangalan. • Muling buuin • ang kanilang wasak na katawan at espiritu. • Bigyan mo sila • ng isang maningning na kinabukasan • at hayaan mo silang • mamuhay na muli sa pagmamahal at kapayapaan.

Pangalagaan mo ang lahat ng lumalaban sa *human trafficking*. • Palakasin mo ang mga tagapagtaguyod ng karangalan ng tao. • Hayaan mong puspusin ng liwanag • ang mga nagmumulat sa mga tao. • Basbasan mo ang mga nag-aaruga sa mga biktima at mga nakaligtas.

Hipuin mo ang puso ng mga *trafficker* at kanilang mga tagapagtaguyod. • Palitan mo ng awa ang kanilang kasakiman. • Pigtalin mo ang kadena at *network* ng pang-aabusong ito • Sa halip, hayaan mong ang mga pang-aabusong ito • ay maging tagapagtaguyod ng katarungan.

Ang lahat ng ito ay hinihiling namin kay Hesukristo, • kasama ng Diyos Ama at ng Espiritu Santo, • iisang Diyos magpakilanman. Amen!



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169; 475-8945 • **Telefax:** 894-5241

• **E-mail:** editorial@wordandlife.org, marketing@wordandlife.org • **Website:** www.wordandlife.org

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, Sr. F. Santos, smi, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David

• **Illustrations:** S. Fabris, B. Cleofe • **Circulation:** F. Edjan